

KUMPLETONG TEKSTO NG PANUKALA U

Na ipinagtatibay ng mga mamamayan ng Lunsod ng San José ang mga sumusunod na susog sa Saligang Batas ng Lunsod:

1. Na amyendahan ang Seksyon 407 ng Saligang Batas ng Lunsod na babasahin gaya ng sumusunod:

SEKSYON 407. Ang Konseho; Kompensasyon na Suweldo.

Babayaran ng ~~kompensasyon na suweldo~~ ang bawat miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde para sa kanyang mga serbisyo bilang miyembro ng Konseho, ~~para sa bawat buwan ng kalendaryo na miyembro siya ng Konseho, buwanang suweldo~~ na itatakda ayon sa ~~ordinansang ipinagtatibay alinsunod sa at naaayon~~ sa mga probinsyong nakatakda sa Seksyong ito. Walang suweldong itatakda para sa sinumang miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, maliban na lang kung nakasaad sa Seksyong ito.

- (a) Sa pagitan ng Marso 1 at Abril 30 na magsisimula sa 2019, at kada limang (5) taon pagkatapos nito, sa mga taong may di-pares na bilang, ang Komisyon sa Pagtatakda ng Suweldo ng Konseho ay magrekomenda sa Konseho ng nakatakda halaga ng buwanang pinakamababang suweldo na itinuturing nito na naaangkop para sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, para sa dalawang taong panahon na magsisimula sa Hulyo 1 ng taong may di-pares na bilang. Hindi magbabago ang inirekomendang halagang nakatakda para sa bawat miyembro ng Konseho ngunit maaaring lumagpas sa halaga ng suweldo ng iba pang miyembro ng Konseho ang inirekomendang halagang nakatakda para sa Alkalde. Ang halaga ng buwanang pinakamababang suweldo ay isasaalang-alang ang full time na katangian ng katungkulan na tugma sa mga suweldo na dating ibinabayad para sa iba pang pampubliko at pribadong posisyon na may katulad na full time na mga tungkulin, responsibilidad, at obligasyon.

Walang gagawing rekomendasyon sa pagtukoy ng mga halaga ng pinakamababang suweldo maliban na lang kung mayroong pagboto ng oo mula sa tatlong (3) miyembro ng Komisyon. Kapag hindi nakagawa ang Komisyon ng rekomendasyon sa pagtukoy ng mga halaga ng suweldo sa anumang taon sa loob ng itinakdang oras, ituturing itong isang rekomendasyon walang pagbabagong gagawin sa pinakamababang suweldo.

- (b) Bawat rekomendasyon kada dalawang taon Ang pagtukoy ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo sa pinakamabababang suweldo ng Alkalde at Konseho, kasama ang mga dahilan nito ay dapat ilagay sa kasulatan at isumite sa Tagapamahala ng Lunsod na hindi lalampas sa Mayo 1, nang sa gayon ay maibadyet at maiangkop ang mga pondo para sa layuning iyon. Bago ito magsumite sa Tagapamahala ng Lunsod ng Konseho ng anumang naturang rekomendasyon sa pagtukoy, dapat magsagawa ang Komisyon ng kahit isang pampublikong pagdinig lang tungkol sa usapin. Kapag ang isang naturang rekomendasyon sa pagtukoy ay naipasa sa Tagapamahala ng Lunsod ng Konseho, hindi ito maaaring baguhin ng Komisyon pagkatapos.

- (c) Simula sa Hulyo 1, 2020, at taun-taon pagkatapos nito sa mga taon kung hindi nakapagtakda ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng pinakamabababang suweldo, sa ilalim ng Seksyon 407(a), upang makapagkaloob ng pag-aakma sa halaga ng pamumuhay, ang pinakamababang suweldo ng Konseho at Alkalde ay tataas ng isang porsiyento na katumbas ng porsiyentong itataas ng nakalipas na taunang average sa taon sa kalendaryo ng Indise ng Presyo ng Mamimili-Urban (CPI-U) o ayon sa indise ng kasunod nito, para sa San Francisco-Oakland-Hayward gaya ng tinutukoy ng Kagawaran ng Paggawa ng Estados Unidos, Kawanihan ng

~~Estadistika ng Paggawa. Hindi kailanman lalampas ang CPI-U na suweldo nang 5% kada taon. Ayon sa ordinansa, na mapapailalim sa mga probisyon ng reperiendum ng Saligang Batas na ito, ipagtatibay ng Konseho ang mga suweldo na inirerekomenda ng Komisyon, o ang mas mababang halaga, ngunit hindi kailanman tataas ang halaga nito.~~

- ~~(d) Hindi magpapatibay ng higit sa isang ordinansa sa pagtatakda ng suweldo batay sa anumang rekomendasyon na kada dalawang taon, sa kundisyong a. Ang Konseho ay maaaring bawasan ang mga suweldo ng mga miyembro ng Konseho, kabilang ang sa Alkalde, anumang oras, nang naayon sa ordinansa. Sa anumang ipinagtibay ritong ordinansa sa pagbabawas ng pagtatakda ng suweldo, hindi magbabago ang mga suweldo ng bawat miyembro ng Konseho, ngunit maaaring lumagpas ang suweldo ng Alkalde sa suweldo ng iba pang miyembro ng Konseho. ~~Mananatiling may bisa ang mga suweldong ipinatupad ayon sa ordinansa na ipinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng Seksyong ito hanggang amyendahan ng kasunod na ordinansang ipinagtibay alinsunod sa mga probisyon ng Seksyong ito.~~~~
- (e) Para sa bawat miyembro ng Konseho, maliban na lang sa Alkalde, ang isang kabuuan, gaya ng ipinatupad ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng ~~Konseho~~, ay ibabawas mula sa suweldo ng naturang miyembro para sa bawat karaniwang pulong ng Konseho, maliban sa regular na natapos na mga pulong, na hindi niya madadaluhan sa bawat naturang buwan ng kalendaryo, sa kundisyong ang naturang pagbabawas ay hindi gagawin dahil sa hindi niya pagdalo sa anumang pulong sa panahong nasa awtorisadong gawain ng lunsod siya, o sa pulong na siya ay lumiban dahil sa sakit niya o pagkakaroon ng sakit o pagkamatay ng miyembro ng pamilya. Walang ibabawas sa Suweldo ng Alkalde dahil sa hindi niya pagdalo sa anumang pulong ng Konseho.

2. Na amyendahan ang Seksyon 1001.1 ng Saligang Batas ng Lunsod na babasahin gaya ng sumusunod:

SEKSYON 1001.1. Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo.

Magkakaroon at magpapatupad dito ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo. Ang mga sumusunod na probisyon ay maaangkop sa:

- (a) MGA MIYEMBRO. Bubuuin ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng limang (5) miyembrong hihirangin ng Komisyon ng Serbisyong Sibil. Ang mga miyembro ay dapat mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod sa lahat ng oras sa kanilang takdang panahon ng katungkulan.
- (b) TAKDANG PANAHOON NG KATUNGKULAN. Maliban na lang kung nakasaad dito sa ibaba, ang regular na takdang panahon ng katungkulan ng bawat miyembro ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ay apat (4) na taon. Hihirangin ng Komisyon ng Serbisyong Sibil ang mga paunang miyembro ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo sa unang buwan ng Enero, 1981. Hihirangin ang dalawang (2) miyembrong hinirang para sa termino na mapapaso sa Disyembre 31, 1982; at tatlo (3) sa mga miyembro na hinirang ay hihirangin para sa termino na mapapaso sa Disyembre 31, 1984. Magsisimula sa Disyembre ng 1982, gagawa ang Komisyon ng Serbisyong Sibil, sa buwan ng Disyembre ng bawat taong may pares na bilang, ng mga pakikipagkita upang mapunan ang mga puwesto ng mga miyembro na mapapaso ang mga termino sa katapusan ng naturang taong may pares na bilang. Ang mga naturang paghihirang ay para sa mga regular na terminong apat (4) na taon na magsisimula sa unang araw ng Enero kasunod ng taong may di-pares na bilang at na mapapaso sa ika-31 araw ng Disyembre ng ikalawang taong may pares na bilang pagkatapos.

- (c) MGA BAKANTENG PUWESTO. Magiging bakante ang posisyon ng miyembro sa kaganapan bago mapaso ang kanyang termino sa anumang kaganapang nakasaad sa mga subseksyon (a), (b), (c), (d), (e), (h), (i), (j), (k), at (l) ng Seksyon 409 ng Kabanatang ito. Bukod pa rito, maaari ring mag-alis ng miyembro sa puwesto ang Komisyon ng Serbisyong Sibil sa anumang oras ng maling asal, kawalan ng kakayahan, o sadyang pagpapabaya sa pagganap sa mga tungkulin ng kanyang posisyon, sa kundisyong nakasaad muna sa kasulatan ang mga dahilan para sa naturang pag-aalis at nagbibigay ito sa naturang miyembro ng pagkakataong mapakinggan sa harap ng Komisyon ng Serbisyong Sibil upang depensahan ang sarili. Kung magkaroon ng bakanteng puwesto bago ang pagkapaso ng termino ng miyembro, maghihirang ang Komisyon ng Serbisyong Sibil ng kuwalipikadong tao na pupunan ang naturang bakanteng posisyon para sa nalalabing panahon ng hindi pa napapasong termino ng naturang miyembro.
- (d) MGA KAPANGYARIHAN AT TUNGKULIN.

Ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ay isasagawa ang mga sumusunod na tungkuling gagawa ng mga rekomendasyon kada dalawang taong lumilipas:

- (1) Pagrespeto Mag-sisimula sa 2019, at kada limang (5) taon pagkatapos nito, itatakda ng Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ang pinakamababang suweldo para sa mga miyembro ng Konseho, kabilang ang Alkalde, gaya ng nakasaad sa Seksyon 407 ng Saligang Batas na ito.
- (2) Kada dalawang taong lumimilipas, gagawa ang Komisyon ng Pagtatakda ng Suweldo ng mga rekomendasyon itungkol sa buwanang sahod para sa miyembro ng lupon ng pagreretiro na hindi empleyado ng Lunsod o sa mga lupon na pinapangasiwaan ang plano o mga plano ng pagreretiro na ipinatupad alinsunod sa Artikulo XV ng Saligang Batas na ito at itinakda ng Konseho na makatanggap ng sahod. Maaayon ang itatakdang sahod ng Konseho sa ipinatupad na proseso sa pamamagitan ng ordinansa.

3. Na amyendahan ang Seksyon 1603 ng Saligang Batas ng Lunsod na babasahin gaya ng sumusunod:

SEKSIYON 1603. Inisyatibo, Reperendum, at Pagpapaalis sa Katungkulan.

Nakalaan sa mga manghahalal ng Lunsod ang mga kapangyarihang inisyatibo, reperendum, at pagpapaalis sa katungkulan ng mga nahalal na opisyal ng munisipal. Ang mga probisyon ng Kodigo ng mga Halalan ng Estado ng California, na mayroon sa kasalukuyan o maaaring baguhin pagkatapos, na namamahala sa inisyatibo, reperendum, at pagpapaalis sa katungkulan sa mga opisyal ng munisipal sa mga lunsod ay maaangkop hangga't hindi sumasalungat ang katulad nito sa Saligang Batas na ito; sa kundisyon ang mga kinakailangang pirma ay ang mga sumusunod:

- (a) INISYATIBO. Upang masimulan ang paglilitis para sa paggamit sa kapangyarihang inisyatibo, malalapat ang alinman sa sumusunod na probisyon kung naaangkop:
- (1) Kung ang petisyon ay pinirmahan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod na may bilang na katumbas ng o hindi bababa sa walong porsiyento (8%) ng bilang ng mga taong kuwalipikadong bumoto ayon sa huling ulat ng pagpaparehistrong isinalansan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na nailimbag ang paunawa ng layon na palaganapin ang petisyon, at naglalaman ng kahilingang isumite kaagad ang ipinapanukalang ordinansa upang pagbotohan ng mga tao sa isang Espesyal na Halalang Munisipal, ipapasa ng Konseho ang ipinapanukalang ordinansa para sa

paglilimbag, nang walang pagbabago, sa regular na pagpupulong kung saan ito ay ipinapakita ng Klerk ng Lunsod at ipagtibay ang nabanggit na ordinansa sa loob ng sampung (10) araw pagkatapos ito maipakita, o manawagan kaagad para sa isang Espesyal na Halalang Munisipal kung saan ang ordinansa ay pagbobotohan ng mga botante ng Lunsod.

- (2) Kung ang petisyon ay pinirmahan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod na may bilang na katumbas ng o hindi bababa sa limang porsiyento (5%) ng bilang ng mga taong kuwalipikadong bumoto ayon sa huling ulat ng pagpaparehistrong isinalansan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na nailimbag ang paunawa ng layon na palaganapin ang petisyon, at ang ordinansang ipinetisyon ay hindi kinakailangan, para sa anumang dahilan, na isumite sa mga botante sa isang Espesyal na Halalang Munisipal, at hindi ipinagtibay nang walang pagbabago ng Konseho, ang ipinapanukalang ordinansa ay ipapasa ng Konseho nang walang pagbabago, sa mga botante sa susunod na Pangkalahatang Halalan.
- (3) Kung sakaling magsumite ng petisyon nang naaayon sa mga probisyon ng mga subparagraph (1) o (2) ng subseksyon (a), at isumite ng Konseho ang nabanggit na ipinapanukalang ordinansa upang pagbobotohan ng mga botante ng Lunsod, ang Konseho ay hindi maaaring magsumite ng anumang alternatibong ordinansa nang dalawang-katlo ng boto ng Konseho sa parehong oras. Kung ang mga probisyon ng dalawa o higit pang ordinansa na ipinagtibay sa parehong salungatan ng halalan, ang ordinansang makakatanggap ng pinakamalaking bilang ng mga botong oo ang magkokontrol.
 - a. Bago makapagsumite ang Konseho ng anumang alternatibong ordinansang pagbobotohan ng mga botante ng Lunsod, tutukuyin ng Konseho ang isinumiteng petisyon nang naaayon sa mga probisyon ng mga subparagraph (1) o (2) ng subseksyon (a) para sa ulat sa lahat ng sumusunod:
 - (i) Ang katumpakan ng impormasyong nakasaad sa petisyon.
 - (ii) Ang epektong pang-ekonomiya sa publiko ng petisyon, pati na rin ng mga tagapagtaguyod at pangunahing donor sa petisyon kung kilala.
 - (iii) Kung makakapagdulot ang petisyon ng benepisyo o pakinabang na magiging mahirap o imposibleng bawiin.
 - b. Dapat ihanda ng malayang tao o entidad ang ulat sa Lunsod, na maaaring kuning tagapayo ng Lunsod. Maaaring hindi magsaad ang ulat ng mga pangangatwiran na pabor o laban sa petisyon, dahilan para sa anumang alternatibong ordinansa, o paglilitis mula sa mga natuklasan.
 - c. Dapat ipakita sa Konseho ang ulat sa loob ng ibinigay ng Konseho na palugit, ngunit hindi lalampas sa huling araw ng pagsusumite ng petisyon sa mga botante, at dapat tanggapin ng mayoryang boto ng Konseho.
 - d. Ang ulat ay maaaring karagdagan sa anumang iba pang ulat na awtorisado ang Konseho na hilingin sa ilalim ng batas ng Estado at maaaring hilingin sa panahon ng pagpapalaganap ng petisyon.

- (b) REPERENDUM. Upang simulan ang paglilitis para sa paggamit ng kapangyarihang reperendum, dapat pirmahan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod na katumbas o hindi bababa sa walong porsiyento (8%) ng bilang ng mga taong kuwalipikadong bumoto ayon sa huling ulat ng pagpaparehistrong isinalansan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na ipinagtibay ng ordinansa o panukalang paksa ng petisyon.
- (c) PAGPAPAALIS SA KATUNGKULAN NG ALKALDE. Upang simulan ang paglilitis para sa paggamit ng kapangyarihang pagpapaalis sa katungkulan ng Alkalde, dapat pirmahan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Lunsod na katumbas o hindi bababa sa labindalawang porsiyento (12%) ng bilang ng mga taong kuwalipikadong bumoto ayon sa huling ulat ng pagpaparehistrong isinalansan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na nailimbag ang paunawa ng layon na palaganapin ang petisyon.
- (d) PAGPAPAALIS SA KATUNGKULAN NG MIYEMBRO NG KONSEHO. Upang simulan ang paglilitis para sa paggamit ng kapangyarihang pagpapaalis sa katungkulan ng miyembro ng Konseho na hinalal ng Distrito, dapat pirmahan ng mga kuwalipikadong manghahalal ng Distrito na katumbas o hindi bababa sa labindalawang porsiyento (12%) ng bilang ng mga taong nakatira sa Distrito na kuwalipikadong bumoto ayon sa huling ulat ng pagpaparehistrong isinalansan ng Tagapagrehistro ng mga Botante ng County sa Kalihim ng Estado, na may bisa sa oras na nailimbag ang paunawa ng layon na palaganapin ang petisyon.

TANDAAN: Nakasalungguhit ang mga idinagdag sa teksto at ipinapakita nang ~~nakaguhit~~ ang mga inalis.